

Pasimula

Sa antas na 1-4 (4 ang pinakamataas, at 1 ang pinakababa), anong antas ang pagmamahal mo sa Pilipinas? Anong dahilan sa antas na ibinigay mo sa iyong sarili?

*PANOORIN ANG VIDEO

Pagsusuri

Kapag inisip mo ang Pilipinas, anong naiisip mo? Nag-uumapaw ba sa tuwa ang iyong puso?

Ang malungkot na katotohanan ay, ang Pilipinas ay mahina kumpara sa mga kalapit bansa, isinisisi sa masamang pamamahala. Ang maling pamamahala ng yaman, katiwalian at kabulukan ay nagdudulot ng pagkasira hindi lang sa ating ekonomiya, kundi sa ating moralidad.

Ang mundo ay kailangang mapamahalaan ng tama. May sistema ng gobyerno ba na kailangan nating isagagawa para ang mabuting mapapamahala ay mangyari?

1. PLANO NG DIOS PARA SA MABUTING PAMAMAHALA

Ang mga pinakamahuhusay na gumaganang pamahalaan, anuman ang mga uri, ay sumusunod sa mga pinahalagahang katangian ng matuwid na pamamahala ayon sa Salita ng Dios (ang Biblia). Kasama rito ang mga sumusunod:

a. Katarungan at pananaig ng batas

“Tanging ang katarungan at katarungan lamang ang iyong susundin, upang mabuhay ka at magmana ng lupaing ibinigay sa iyo ng Panginoon mong Diyos.” -Deuteronomio 16:20

b. Katangian ng katapatan at integridad

“Kahabag-habag sila na tinatawag na mabuti ang masama, at ang masama ay mabuti; na inaaring dilim ang liwanag, at liwanag ang dilim; na inaaring mapait ang matamis, at matamis ang mapait!” -Isaias 5:20

c. Sariling kalayaan at personal na responsibilidad

“Aking inilagay sa harapan mo ang buhay at kamatayan, ang pagpapala at sumpa. Kaya't piliin mo at ng iyong binhi ang buhay upang ikaw ay mabuhay.” -Deuteronomio 30:19

d. Paggalang sa pribadong pagmamay-ari

“Huwag kayong magnakaw... “Huwag ninyong pagnanasahan ang bahay ng inyong kapwa...o alin mang pag-aari niya.” -Exodus 20:15, 17b

2. PAANONG ANG CRISTIANISMO AT ANG MGA PAMANATAYAN NITO BINAGO ANG MUNDO

Lahat ng mahusay na mga nagawa ng sibilisasyon sa Kanluran, tulad ng pagbibigay ng mga karapatan sa ari-arian, ang pagtaas ng agham at teknolohiya, ang pag-alis ng pang-aalipin, ang pagbabawal ng aborsyon, ang proteksyon ng kababaihan, ang pagbabawal ng diskriminasyon sa lahi ay ilan lamang sa mahuhusay na halimbawa ng kung paano ang mga prinsipyo sa Biblia ay nagdulot ng ganap na pagbabago sa mga pamahalaan at mga lipunan sa buong kasaysayan.

Have you invited others to **join this movement?**

Invite them to sign up today via cvm.com.ph or download the app in the App Store (iOS) or Google Playstore, just search for “**Christian Values Movement**”.

3. **ANG SUSI SA PAGBABAGO NG BANSA**

Kung ang mabuting pamamahala ay siyang sagot sa kahirapan sa Pilipinas, kung gayon ang susi sa pagbabago ng ating bansa ay mga mabuting lider at mga mabuting mamamayan.

Isipin ang United Kingdom, isang bansang naghihirap sa ekonomiya sa panahong nagkaraan. Ang pagsasamantala sa mga manggagawa, pang-aalipin at pagpapatrabaho sa mga bata ay laganap noong ika-18 na siglo sa Britania. Si William Wilberforce, isang myembro ng Batasan ang namuno sa isang kilusan para buwagin ang pangangalakal ng mga alipin sa Britania. Ang mga pribadong mamamayan at mga opisyaes sa pamahalaan na tulad nila ay pinamunuan ang daan para sa isang bago at maunlad na Britania na lumitaw noong ika-19 na siglo.

Halimbawa, ang Singapore, isang maliit ngunit maunlad na bansa na pinamamahalaan ng mga lider na may mataas ng integridad, at mga mamamayan nito ay sumusunod sa batas. Pwede mong iwanan ang iyong mga personal na gamit tulad ng mga payong para magreserba ng mga upuan na walang takot na may magnanakaw sa mga ito!

4. **ANG MAGANDANG BALITA PARA SA PAGBABAGO NG BANSA**

Ang ating bansa ay hindi lamang nangangailangan ng mabuting pamahalaan kundi mga mabuting mamamayan na nagmamahal sa Dios at kapwa Pilipino. Ang ugat ng mga problema sa ating bansa ay problema ng mga puso ng mga mamamayan. Ang puso ng tao ay sadyang magkasarili: kasakiman, ang paghahangad ng kapangyarihan. Iyan ang masamang balita, at iyan ang situwasyon natin ngayon bilang isang bansa. Pero ang Pilipino ay may dahilan para magkaroon ng magandang pananaw dahil may magandang balita!

Ano ang magandang balitang ito na magdadala na pagbabago? Ito ay walang iba kundi ang Magandang Balita ng bagong buhay na matatagpuan kay Jesu-Cristo lamang. Ang wika ng 2 Corinto 5:17, “Ang sinumang nakay Cristo ay isa nang bagong nilalang. Wala na ang dati niyang pagkatao; binagona siya.”

Manalangin tayo at magtrabaho tungo sa isang tunay na pagbabago para ating minamahal na Pilipinas! Huwag paglagpasin ang susunod sa session, “The Manual for Loving our Nation”, habang tumitingin tayo sa basehan ng lahat ng mga Kristinong pamantayan na natutunan natin sa session na ito,

1. Tulad ng nalaman mo, ang Kristianismo ay binago ang mundo; at ang Pilipinas ay kilalang nag-iisang Kristianong bansa sa Asya. Sa kabila nito, bakit ang ating bansa ay nasa sitawasyong ito pa rin – isang mahirap na bansa na may mga mahirap na problema? Anong nangyaring mali?
2. Paano mo gustong makilala ang Pilipinas sa susunod na henerasyon? Anong mga Kristianong pamantayan ang pinaniniwalaan mo na tayo, bilang isang bansa, ay dapat i sabuhay? Paano mo ituturo ang mga pamantayang ito sa iyong mga anak/pamilya, mga kabataan, at iba pa?

Inanyayahan mo ba ang iba para sumali sa kilusang ito? Anyayahan mo silang magpalista ngayon sa pamamagitan ng <https://cvm.com.ph> o i-download ang app sa App Store (iOS) or Google Play Store, at hanapin ang “Christian Values Movement”.

**PAG-
UUSAPANG
MGA
TANONG**

**PAGSASA-
GAWA**